



Mga Pamamaraan sa Pagrereklamo ng Programa ng Titulo VI

Ipinagbabawal ng Titulo VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 ang pandiskrimina batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan sa mga programang tumatanggap ng pederal na pinansyal na tulong.

Ibinabalangkas ng sumusunod na impormasyon ang mga pamamaraan sa reklamo ng Programa ng Titulo VI ng MoDOT na nauugnay sa pagbibigay ng mga programa, serbisyo, at benepisyo. Hindi itinatanggi ng mga pamamaraanang ito sa nagrereklamo ang karapatang maghain ng pormal na karaingan. May karapatan ang mga nagrereklamo na direktang magreklamo sa naaangkop na pang-estado o pederal na ahensya, tulad ng Komisyon ng Karapatang Pantao ng Missouri, Komisyon ng Pantay na Oportunidad sa Trabaho, Federal Transit Administration (FTA), Federal Highway Administration (FHWA), Federal Aviation Administration (FAA), o Federal Motor Carrier Safety Administration (FMCSA), o upang humingi ng pribadong payo para sa mga reklamong nagpaparatang ng pandiskrimina, pananakot, o pagganti ng anumang uri.

Ang sinumang taong naniniwalang nadiskrimina siya bilang indibidwal o bilang miyembro ng anumang partikular na grupo ng tao, batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, ay maaaring maghain ng reklamo sa:

*Kagawaran ng Transportasyon ng Missouri
Business Development at Compliance Division
Title VI Program Coordinator
P.O. Box 270
Jefferson City, Missouri 65102-0270*

O sa pamamagitan ng email sa:

TitleVI@modot.mo.gov

Gagawin ang bawat pagsisikap upang malutas nang maaga ang mga reklamo. Maaaring gamitin ang opsyon ng (mga) hindi pormal na pagpupulong sa pagitan ng mga naapektuhang panig at ng Tagapag-ugnay ng Titulo VI upang pabilisin ang naturang paglutas.

Mga Pamamaraan

1. Dapat matugunan ng reklamo ang mga sumusunod na kinakailangan:
 - a. Dapat nakasulat ang reklamo at nilagdaan ito ng (Mga) Nagrereklamo. Sa mga sitwasyon kung saan hindi magagawa ng o walang kakayahan ang Nagrereklamo na magbigay ng nakasulat na pahayag, maaaring tanggapin

Pahina 1 sa 3

ACCESSIBLE FORMATS: Ang dokumentong ito ay makukuha sa mga naa-access na format kapag hiniling. Upang makakuha ng mga papel na kopya ng mga pamamaraan ng reklamo na ito pati na rin ang impormasyon tungkol sa mga naa-access na format na ito, tawagan ang Business Development and Compliance Division ng MoDOT sa (573)526-2978. Ang mga indibidwal na may kapansanan sa pandinig ay maaaring makipag-ugnayan sa Missouri Relay Service sa (800)735-2966 para sa tulong sa tawag.



Mga Pamamaraan sa Pagrereklamo ng Programa ng Titulo VI

- ang pasalitang reklamo. Makakapanayam ng Tagapag-ugnay ng Titulo VI ang Nagrereklamo at tutulungan niya ang Nagrereklamo na isulat ang mga pasalitang reklamo. Dapat lagdaan ng Nagrereklamo o ng kanyang kinatawan ang lahat ng reklamo.
- b. Isama ang petsa ng ipinaratang na pandiskrimina, o kung kailan nagkaroon ng kamalayan ang Nagrereklamo tungkol sa ipinaratang na pandiskrimina, ang petsa kung kailan nahinto ang pagkilos, o ang pinakahuling pagkakataon ng pagkilos.
 - c. Magbigay ng detalyadong paglalarawan ng mga isyu, kabilang ang pangalan at posisyon sa trabaho ng mga indibidwal na napag-aalaman bilang mga panig sa reklamo.
 - d. Iniaatas ng pederal at pang-estadong batas na ihain ang mga reklamo sa loob ng 180 araw sa kalendaryo ng ipinaratang na insidente.
2. Kapag natanggap na ang reklamo, pagpapasyahan ng Tagapag-ugnay ng Titulo VI ang hurisdiksyon, ang pagiging katanggap-tanggap ng reklamo, ang pangangailangan para sa karagdagang impormasyon, at itatalaga niya ang reklamo para sa pagisisyasat nang naaayon. PAUNAWA: ang anumang reklamong maiuugnay sa mga programa o aktibidad na pinopondohan ng FHWA ay dadalhin sa Punong-tanggapan sa Mga Karapatang Sibil ng FHWA kung saan sisiyasatin ang reklamo nang naaayon. Makikita ng mga nagrereklamo ang mga pamamaraang iyon [dito](#).
 3. Makakatanggap ang Nagrereklamo ng nakasulat na pagkilala na tinanggap o tinanggihan ng MoDOT ang reklamo sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatapos itong matanggap.
 4. Dapat matugunan ng nagrereklamo ang mga sumusunod na pamantayan upang matanggap:
 - a. Dapat ihain ang reklamo sa loob ng 180 araw pagkalipas ng ipinaratang na pangyayari.
 - b. Dapat kasama sa mga paratang ang nasasaklaw na batayan ng pandiskrimina tulad ng lahi, kulay, o bansang pinagmulan.
 - c. Dapat kasama sa paratang ang isang serbisyo sa MoDOT ng tumatanggap, sub-recipient, o contractor ng pederal na tulong.
 5. Maaaring ibasura ang isang reklamo para sa mga sumusunod na dahilan:
 - a. Hihilingin ng Nagrereklamo na bawiin ang reklamo.
 - b. Hindi tutugon ang Nagrereklamo sa mga paulit-ulit na kahilingan para sa karagdagang impormasyong kinakailangan upang iproseso ang reklamo.
 - c. Hindi mahanap ang Nagrereklamo pagkatapos ng mga makatuwirang pagsubok na hanapin ang Nagrereklamo.



Mga Pamamaraan sa Pagrereklamo ng Programa ng Titulo VI

6. Kapag nagpasya ang MoDOT na tanggapin ang reklamo para sa pagsisiyasat, aabisuhan ang Nagrereklamo sa pamamagitan ng pagsulat tungkol sa naturang pagpapasya. Makakatanggap ng numero ng kaso ang reklamo, at itatala ito sa isang database na tumutukoy sa pangalan ng Nagrereklamo, at ang batayan para sa reklamo.
7. Sa mga sitwasyon kung saan ang MoDOT ang mangangasiwa ng pagsisiyasat sa reklamo, sa loob ng 90 araw sa kalendaryo pagkatapos tanggapin ang reklamo, maghahanda ng ulat ng pagsisiyasat ang Tagapag-ugnay ng Titulo VI o ang isang nakatalagang tagapagsiyasat para sa pagsusuri ng Direktor ng External na Mga Karapatang Sibil. Kasama sa ulat ang paglalarawan ng salaysay ng insidente, pagtukoy sa mga taong nakapanayam, mga resulta, at rekomendasyon.
8. Susuriin ang ulat ng pagsisiyasat at ang mga resulta nito ng Direktor ng MoDOT, o ng itinalagang indibidwal, pati na rin ng Direktor ng External na Mga Karapatang Sibil at ng Tanggapan ng Punong Tagapayo.
9. Magpapasya ang Direktor ng MoDOT o ang itinalagang indibidwal tungkol sa disposisyon ng reklamo. Kung matatagpuan na hindi sumusunod ang MoDOT sa mga regulasyon ng Titulo VI, magsasagawa ng mga pagwawastong pagkilos.
10. Magpapadala sa Nagrereklamo ng Abiso tungkol sa pasya ng Direktor. Kasama sa abiso ang impormasyon tungkol sa karapatang mag-apela at mga tagubilin sa kung paano simulan ang proseso ng pag-apela. Ang abiso sa pag-apela ay ang sumusunod:
 - a. Isasaalang-alang muli ng MoDOT ang unang pasya nito kung magsisiwalat ng bagong impormasyon
 - b. Kung hindi makukuntento ang Nagrereklamo sa pasya at/o paglutas, na inihayag ng MoDOT, maaaring isumite ang reklamong iyon nang direkta sa naaangkop na pang-estado o pederal na ahensya, tulad ng Komisyon ng Karapatang Pantao ng Missouri, Komisyon ng Pantay na Oportunidad sa Trabaho, Federal Transit Administration (FTA), Federal Highway Administration (FHWA), Federal Aviation Administration (FAA), o Federal Motor Carrier Safety Administration (FMCSA) para sa pagsisiyasat.
11. Magsusumite ng kopya ng reklamo at ng liham ng mga resulta ng MoDOT sa naaangkop na pederal na ahensya ng USDOT sa loob ng 120 araw pagkatapos matanggap ang reklamo.
12. Magsasama ng buod ng reklamo at ng paglutas nito bilang bahagi ng mga update ng Titulo VI sa naaangkop na pederal na ahensya ng USDOT.
13. Papanatilihin ang mga ulat ng pagsisiyasat ng Titulo VI nang hanggang tatlong taon, at gagawin itong available para sa mga pag-audit sa pagsusuri sa pagsunod.